
Sultanate of Oman
Ministry of Manpower


سلطنة عُمان
وزارة القوى العاملة

الفلبينية
Filipino

# ارشادات عامة للقوى العاملة غير العمانية للعمل في سلطنة عمان

# Pangkalahatang Tagubilin para sa mga Manggagawang hindi Omani (Pilipino) sa Sultanato ng Oman





## Mahal na Manggagawa,

Nais naming tawagin ang iyong pansin sa mga sumusunod na bagay na sumasaklaw sa relasyon mo at ng iyong pinamamasukan:

- Makaraang dumating ka sa Sultanato ng Oman upang magtrabaho at hindi mo makita ang tamang tirahan ng iyong pamamasukan, malugod kang tinatagubilinan na tumawag sa 80077000 o tumungo sa Ministeryo/ Kagawaran ng Manggagawa *(Ministry of Manpower)* o humingi ng tulong sa Embahada ng Pilipinas.

- Kung ang mga pamamaraan upang mabigyan ka ng iyong *work card o residence (civil status card)* ay hindi matapos sa loob ng isang buwan makaraan ang pagdating mo sa Sultanato ng Oman, maaaring ipaalam ito sa iyong direktang superbisor o sa lokal na recruitment agency o sa pinakamalapit na pangangasiwaan *(Labor Directorate)* ng Ministeryo/Kagawaran ng Manggagawa *(Ministry of Manpower)* o humingi ng tulong sa Embahada ng Pilipinas.

- Ang iyong *work card (civil status card)* ay isang opisyal na dokumento. Kailangan mo itong ingatan at dalhin sa lahat ng oras.

- Ikaw ang may karapatan na magtago ng iyong orihinal na pasaporte.

- Huwag pabayaang mapaso ang iyong pasaporte. Kailangan mo itong i-*renew* bago mapaso.

- Ang iyong pinamamasukan, at hindi ikaw, ang mananagot sa lahat ng bayarin para sa iyong *work card*, gayundin para sa iyong *residency visa* hangga't nagagampanan mo ng maayos ang iyong mga tungkulin ng naaayon sa batas.

- May karapatan ka na humingi at mag-ingat ng kopya ng iyong kontrata sa pamamasukan *(employment contract)* upang lagi mong matandaan ang iyong mga karapatan at pananagutan.

- Kung maatrasado ang iyong buwanang sahod, may karapatan ka hingin ito sa iyong direktang superbisor o lokal na recruitment agency, at kung hindi ka bayaran ng iyong direktang superbisor o lokal na recruitment agency, maaaring iulat ang usaping ito sa

pinakamalapit na pangangasiwaan *(Labor Directorate)* ng Ministeryo/Kagawaran ng Manggagawa *(Ministry of Manpower).*

- Kung hihingin sa iyo na magtrabaho ng *overtime,* may pananagutan ang pinamamasukan mo na bayaran ka para sa trabahong *overtime* alinsunod sa pagkaka-amyenda ng Omani Labor Law No. 35/2005.

- Kung may anumang hindi pagkakaunawaan sa pagitan ninyo ng iyong pinamamasukan, kailangan mo itong ipaalam sa iyong direktang superbisor o lokal na recruitment agency at kung walang mangyayaring pagkakasundo tungkol sa hindi pagkakaunawaang ito, maaari kang sumangguni o tumawag sa pinakamalapit na pangangasiwaan *(Labor Directorate)* ng Ministeryo/Kagawaran ng Manggagawa *(Ministry of Manpower)* o sa Embahada ng Pilipinas habang patuloy kang nagtatrabaho para sa iyong pinamamasukan.

- Kung ang mga serbisyo mo ay winakasan dahil sa hindi katanggap-tanggap na dahilan, maaari kang magbigay ng kahilingan sa pinakamalapit na pangangasiwaan *(Labor Directorate)* ng Ministeryo/Kagawaran ng Manggagawa *(Ministry of Manpower)* upang ipawalang-saysay ang desisyon ng pagwawakas sa loob ng 15 araw mula sa petsa nang ipaalam sa iyo ang nasabing desisyon.

- Ipinapaalam sa iyo na ang isang manggagawa na nagtatrabaho sa Sultanato ng Oman na walang permiso magtrabaho *(work permit)* mula sa karampatang kagawaran o ang isang manggagawa na nagtatrabaho sa isang hindi lisensiyadong pinamamasukan o tumakas mula sa kanyang trabaho ng walang nararapat na rason ay mapaparusahan ng pagkakakulong ng hindi hihigit sa isang buwan o multa na hindi bababa sa O.R. 400 at hindi hihigit sa O.R. 800 o alinman sa dalawang kaparusahang ito, bilang karagdagan sa pagpapawalang-saysay sa mga permiso sa trabaho na ipinagkaloob sa kanya at deportasyon na gagastusan ng partidong pinagtatrabahuhan niya at ipagbabawal ang muling pagpasok sa Sultanato ng Oman.

- Hinihingi sa iyo na makipagkaisa sa mga opisyal na tauhan dahil ang sinumang tao na pipigil o hahadlang sa opisyal na tauhan na magampanan ang kanyang katungkulan ay lalapatan ng parusang multa o pagkakakulong o ang kombinasyon ng dalawang ito at dodoblehin ang kaparusahan kung uulitin ang kasalanan.

- Ang pagsunod sa propesyonal na mga regulasyon para sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho ay para sa iyong kapakanan.

- Ingatan at gamitin ng maayos ang mga kasangkapan sa pagtatrabaho na ipinagkaloob sa iyo at isauli ang mga ito sa pinamamasukan mo pagkatapos ng iyong serbisyo.

- Igalang ang relihiyon ng Islam at sumunod sa naaangkop na mga batas at regulasyon ng Sultanato ng Oman (kasama na ang mga pagpapahalagang sosyal at moral) at mahigpit na ipinagbabawal sa iyo ang paggawa ng anumang aktibidad na makakasama sa seguridad ng Sultanato ng Oman.

- Pinapayuhan ka na repasuhin ang Batas sa Paggawa *(Labor Law)* upang malaman mo ang iyong mga detalyadong karapatan at pananagutan. Makakakuha ka ng kopya ng Batas sa Paggawa *(Labor Law)* sa *website* ng Ministeryo/Kagawaran ng Manggagawa *(Ministry of Manpower)*:

www.manpower.gov.om.

Lubos na gumagalang,

*The General Directorate for Labor Welfare*